JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuson

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

2

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 6:
## Pagpapanatili sa Kaayusan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



## Alamin

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran na dapat maibahagi.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

6.Nakikibahagi sa anumang programa ng paaralan at pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa :

**EsP2PPP – IIIf-11**



## Subukin

Panuto: Iguhit ang **dustpan** (  ) kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan at walis (  ) naman kung hindi.

1. ___  Itinatapon ko ang mga tuyong dahon sa **compost pit**.

2.___  Pinaghihiwalay ang nabubulok sa di-nabubulok na basura.

3.___  Iniiwan ko ang balat ng **biscuit** sa mesa ng kantina.

4.___  Tumatakas ako kapag **cleaners** ang aming grupo sa paglilinis ng silid aralan.

5.___  Tumutulong ako sa pagdidilig ng mga halaman sa aming paaralan.

| MODYUL 6 | PAGPAPANATILI SA KAAYUSAN |
|---|---|



## Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang mga pinagkukunan ng mga impormasyon na maaaring maging masinop ng anumang bagay tulad ng tubig, pagkain, enerhiya at iba pa. Sa modyul na ito, inaasahang mas maibahagi sa anumang programa ng paaralan at pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.



## Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aaralan mo ang kahalagahan ng pagsuporta sa anumang programa ng paaralan at pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bayan.
Basahin ang tula.

**Sa Aming Paaralan**
Ni R.B. Catapang



Guro't mag-aaral ay nagtutulungan,
Sa kalinisan at kaayusan ng paaralan,
Dulo't nito'y maganda sa kalusugan,

Siguradong ang sakit ay maiiwasan.

Basurang nabubulok at di-nabubulok
Ay paghiwalayin,
Mga papel ay ipunin at muling gamitin,
Plastik i-recycle at huwag sunugin,
Tulong sa kapaligiran ay palaging isipin.

Kung lahat ng ito ay ating gagawin.
Malinis na hangin ay ating lalanghapin,
Kaya't paglilinis ay laging ugaliin,
Tandaan at palaging gawin.

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1.Anu-ano ang mga gawain sa pagpapapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?
A. Paghiwalayin ang mga basurang nabubulok at di nabubulok
B. Itapon ang mga basura kahit saan
C. Magpunas ng mga bintana paminsan-minsan
2.Anu- ano ang gagawin ninyo sa inyong basura bago ninyo ito itapon?
A. Dapat paghiwa - hiwalayin ang mga basura na nabubulok at di – nabubulok
B. Pagsama - samahin ang nabubulok at di - nabubulok.
C. Ikakalat ang mga basura kahit saan.
3.Paano ka makikiisa sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?
A. Pagtulong sa mga gawain sa silid aralan
B.Pagtanggal ng mga babala tungkol sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan.
C.Pagbura ng mga ipiniintang mga larawang nagpapakita ng pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan.

4. Bakit dapat tayong tumulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng paaralan?
A. Upang mapangalagaan ang inang kalikasan
B.Upang mapigilan ang paglaganap ng sakit na Covid - 19 o Corona Virus.
C. Upang malinis na hangin ang ating lalanghapin.

5.Paano I-recycle ang mga papel?

A.Paghaluin ang mga basurang papel sa mga plastic

B. Ihiwalay ang mga papel at huwag sunugin

C. Itago ang mga papel.



## Suriin

Panuto: Lagyan ng **tsek** ( / ) kung ang larawan ay nagpapakita ng pagtulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran at **ekis** ( X ) kung **hindi**.

___1.    ___ 2.    ____5. 

____3.    ___4. 



## Pagyamanin

Panuto: Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang **Tama** kung ito ay nagpapakita ng pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng pamayanan at **Mali** kung hindi

___ 1. Itinatapon ko ang basura kahit saan.

___ 2. Inaalagaan ko ang mga halaman sa aming bakuran.

___ 3. Pumupunta ako sa palikuran kapag ako ay umiihi.


___ 4. Tumutulong ako sa pagwawalis sa aming paligid.

___ 5. Tinitingnan ko nang mabuti kung sa tamang basurahan ko itinapon ang basura.



## Isaisip

Panuto: Pagtambalin ang larawan na nagpapakita ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran sa hanay A sa pangungusap nito sa hanay B.

| HANAY A | HANAY B |
| --- | --- |
| 1.  | A. Inaalagaan ni Ana ang aso |
| 2.  | B. Nagdidilig ng halaman sina Bea at Leo |
| 3.  | C. Si Bina ay nagwawalis ng sahig. |
| 4.  | D. Ang mga bata ay nagtatapon ng Basura sa tamang lalagyan. Pinaghiwalay nila ito. |
| 5.  | E. Nagtatanim ng puno ang mga bata. |




## Isagawa

Panuto :Tingnan ang mga larawan, iguhit ang **masayang mukha** (☺) kung ito ay nagpapakita ng kalinisan at kaayusan sa kapaligiran at **malungkot na mukha** (☹) kung **hindi**.


1. Dapat itapon ang basura sa tamang lagayan.


2.Pabayaang mabulok ang basura kung hindi ito makokolekta ng trak.


3.Dapat sunugin ang mga tuyong dahon at mga papel.



4.Ilagay muna sa bulsa ang maliliit na basura, itapon pag-uwi ng bahay.


5.Gamiting muli ang mga gamit na puwede pa.



## Tayahin

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Bilugan ang letra ng nararapat mong gawin upang maipakita ang pakikiisa sa kalinisan at kaayusan ng paaralan.

1. Isang araw sa iyong paglalakad ay nauhaw ka. Bumili ka ng isang bote ng **mineral water** sa tindahan. Ano ang dapat mong gawin sa boteng pinaglagyan ng tubig?

   A. Itatapon ko sa daan. B. Itatapon ko sa tamang lalagyan C. Itatapon ko sa kanal.

2. Pinagdala kayo ng inyong guro ng lumang magasin dahil may gagawin kayong proyekto sa **Art**. Ano ang dapat mong gawin sa sobrang magasin?

   A. Ibibigay ko sa guro na may hawak ng **YES-O** para isama sa mga ire-**recycle**.

   B. Itatapon ko sa likod ng aming silid-aralan para

wala na akong dadalhin pabalik ng bahay. C. Iuuwi ko sa bahay para sunugin.

3. Pinagwalis kayo ng inyong guro sa likuran ng inyong silid-aralan. Ano ang dapat mong gawin sa tuyong dahon na inyong naipon?

   A. Susunugin namin. B. Itatapon sa **compost pit** para maging pataba sa halaman. C. Iiwanan namin sa isang tabi.

4. Pumunta ang pinsan mo sa inyong bahay upang manghingi ng bote para sa gagawing proyekto sa **YES-O**. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Hindi ko siya bibigyan dahil ibebenta ko iyon sa magbabasura. B. Sasabihin ko na wala kaming bote.

   C. Bibigyan ko siya.

5. Nakita mo ang bagong tanim na gulay sa inyong paaralan na nalalanta dahil nakalimutan itong diligan. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Didiligan ko ito para mabuhay. B. Pababayaan ko itong lalong matuyo. C. Bubunutin ko na lang ito para wala nang didiligan.



## Karagdagang Gawain

Gumawa ng poster tungkol sa kalinisan at kaayusan sa kapaligiran. Kulayan ito.



## Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Tuklasin |
|---|---|
| 1.Dustpan | 1.A |
| 2.Dustpan | 2.B |
| 3.Silhig | 3.B |
| 4.Dustpan | 4.C |
| 5.Dustpan | 5.B |

Tuklasin

Suriin
1./
2.X
3./
4./
5.X

| Pagyamanin | Isaisip |
|---|---|
| 1.mali | 1.E |
| 2.tama | 2.A |
| 3.tama | 3.B |
| 4.tama | 4.C |
| 5.tama | 5.D |

Tayahin
1. B
2. A
3. B
4. C
5. A



## Sanggunian


- Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabuhay-Caraan, Rolan Baldomero Catapay, Isabel Monterozo Gonzales, Edukasyon sa Pagpapakatao- Ikalawang Baitang
- (Inilimbag sa Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon, 2013), p. 194-200

- Clipart child throwing dried leaves, www.google.com, Dec. 17,2020 https://bit.ly/2YYJt4i
- Clipart child segregate waste, www.google.com, Dec. 17,2020 https://bit.ly/3tLG2Mm
- Clipart garbage room stock illustrations

www.google.com, Dec. 17,2020, https://bit.ly/3jyhDFs

- Clipart bedroom cleaning www.google.com, Dec. 17,2020, https://bit.ly/3jzO06C
- Clipart bedroom cleaning www.google.com, Dec. 17,2020, https://bit.ly/2MRg5dR

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Amy C. Lalican
Master Teacher II, Tomas Sagun Integrated School
District 7, Pagadian City Schools Division

**Tagasuri:** Riza L. Buca
Teacher III, San Pedro Central Elementary School
District 1, Pagadian City Schools Division

**Tagapamahala:** Danny B. Cordova, EdD.Ceso VI, OIC-SDS-ASDS
Ma. Coleen L. Emoricha, EdD. CESE, OIC-ASDS
Maria Dioza Z. Peralta, EdD, CID Chief
Ma. Madelene P. Mituda , EdD, LR Supervisor
Jovita S. Dugenia, EPS Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.